Walang magluluksang isang babae sa isang patay nang higit sa tatlong [araw] maliban sa asawa, na [ipagluluksa ng] apat na buwan at sampung [araw]

Ayon kay Ummu `Aṭīyah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Walang magluluksang isang babae sa isang patay nang higit sa tatlong [araw] maliban sa asawa, na [ipagluluksa ng] apat na buwan at sampung [araw]. Hindi siya magsusuot ng isang damit na tinina maliban ng isang damit na `aṣb, hindi siya gagamit ng kuḥl, at hindi siya hihipo ng pabango malibang kapag natapos magregla: isang katiting na qust o aḏfār."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sinaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang mga babae laban sa pagluluksa — sa pamamagitan ng pagwawaksi ng panggayak gaya ng mabangong bagay, kuḥl, mga alahas, at mga marikit na damit — sa isang patay maging ito man ay ama o kapatid o anak o iba pa sa kanila nang hihigit sa tatlong araw, maliban sa asawa, na [ipagluluksa ng] apat na buwan at sampung [araw]. Hindi siya magsusuot sa pagluluksa niya sa asawa ng lahat ng damit na kinulayan para sa gayak maliban sa damit na `aṣb, na isang damit na Yamānīy, na kinulayan [ang mga sinulid] bago mahabi. Hindi siya maglalagay ng kuḥl sa mata para sa paggayak. Hindi siya magpapabango ng mga halimuyak na pampabango (perfume) at iba pa sa mga ito, malibang kapag nakapaligo siya matapos ng regla niya sapagkat makagagamit siya ng isang katiting na qust o aḏfār, na dalawang kilalang uri ng insenso at hindi tumutukoy sa pabango. Nagpahintulot dito para sa babaing nakapaligo matapos ng pagreregla para sa pag-alis ng mabahong amoy, na inireresulta ng bakas ng dugo sa ari ng babae, hindi para sa pagpapabango.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6086